

## DECOMPRESSIVE HEMICRANIECTOMY

### ANO ANG ISANG DECOMPRESSIVE HEMICRANIECTOMY (DCH)?

- Ang DCH ay isang operasyon na ginagawa upang hayaang mamaga ang utak. Sa operasyon na ito, ang malaking bahagi ng bungo ay inaalís at ibabalik muli ang balat para magsara ito. Kapag bumalik ang pasyente mula sa operasyon, maaari ninyong mapansin na ang isang bahagi ng utak ay mas malaki kaysa sa kabilang bahagi. Inaasahan ito, dahil ang utak ay namamaga.

### ANO ANG MANGYAYARI SA BUTO PAGKATAPOS ITONG ALISIN?

- Palalamigin sa yelo ang buto at ipapadala sa California Tissue and Donor Network sa timog California. Ito ay sina-swab para sa isang pag-culture bago ipadala upang tiyakin na walang anumang impeksiyon ang buto. Itatago ito doon hanggang dumating ang panahon para palitan ang buto.

### NAPANSIN KO NA ANG BAHAGI NA WALANG BUTO AY MUKHANG NAKALUBOG MINSAN AT NAMAMAGA SA IBANG PAGKAKATAON, NORMAL BA ITO?

- Oo, habang gumagaling ang utak at lumilipat ang mga likido, maaaring magmukhang lubog o puno ang nabuksang balat. Depende sa kung nasaang posisyon ang ulo ng pasyente, ang utak at ang mga nakapaligid na likido sa utak ay maaaring gumalaw sa paligid na nagbabago sa hitsura ng nabuksang balat.

### MAKAKATAYO BA NG KAMA ANG PASYENTE AT MAKAKAPAGLAKAD NANG WALANG BUTO?


- Oo, bibigyang ng helmet ang pasyente na dapat isuot kapag tumatayo siya ng kama. Poprotektahan nito ang utak hanggang mapalitan ang buto. Hindi kailangan suotin ng pasyente ang helmet kapag siya ay nasa kama.

### MAAARI BANG MALIGO O MAG-SHOWER ANG PASYENTE KAHIT WALANG BUTO?

- Kung mahihilo ang pasyente o hindi makatayo nang may balanse, mas gugustuhin ang pagligo. Maaaring basain at lagyan ng shampoo ang ulo gamit ang shampoo na pang sanggol. Maaaring gamitin ang isang magaan na bimpo upang hugasan ang hiwa, nguni't hindi ninyo dapat kuskusin ang hiwa. Hindi rin dapat ilubog ang ulo sa tubig. Pagkatapos marahan na patuyuin gamit ang isang malinis na tuwalya. Huwag gumamit ng hair dryer sa hiwa o anumang produkto sa buhok.

### ANO ANG MAAARING GAWIN UPANG MAIWASAN ANG IMPEKSIYON AT MAPABILIS ANG PAGGALING?

Maraming bagay ang nakakaapekto sa kung magkakaroon ng impeksiyon o hindi ang isang tao. Ang ilang mga bagay na magagawa ng isang pasyente upang maiwasan ang mga impeksiyon ay:



Ang utak ay nangangailangan ng lugar upang mamaga

- Huwag kamutin o galawin ang hiwa. Maaari itong mangati habang gumagaling ang balat. Ang pagkamot sa hiwa ay maaaring magdala ng bakterya mula sa ilalim ng mga kuko papunta sa gumagaling na balat at magdulot ng isang impeksiyon. Kung mapapansin ninyo na kinakamot ng pasyente ang kanyang sugat, mangyaring ipaalam sa nars at ilagay ang mga kamay ng pasyente sa ibang gawain. Maaaring kailanganing maglagay ng takip sa ulo o guwantes ang nars sa pasyente hanggang matandaan niyanghuwag kamutin ang kanyang sarili.
- Huwag manigarilyo. Pinipigilan ng nikotina ang paglaki ng mga maliit na daluyan ng dugo. Ang mga daluyan ng dugo na ito ay mahalaga para magdala ng nutrisyon sa balat na kailangan upang gumaling ang tisiyu. Ang isang patch ng nikotina ay mayroong parehong epekto sa paglaki ng mga daluyan ng dugo at iiwasan kung maaari.
- Huwag humiga kung nasaan ang hiwa. Pinipigilan ng presyon sa hiwa na pumunta ang dugo sa gumagaling na balat. Ang pagpapanatili sa mga pasyente na wala sa posisyon kung nasaan ang hiwa ay nagpapahintulot sa maraming pagdaloy ng dugo papunta sa gumagaling na balat. Kapag binibisita ang pasyente, subukang umupo sa bahagi kung saan ang pasyente ay mayroong kumpletong buto para tumingin sila papunta sa bahaging iyon at iiwasang mahiga sa bahaging may hiwa.
- Kumain nang masustansiyang pagkain. Ang pagkain ng may tamang balanse at masustansiyang pagkain ay nagbibigay ng lahat ng nutrisyon sa balat na kailangan upang gumaling mabuti.  
Ang pagpapanatili sa antas ng asukal sa dugo sa malusog na antas ay pinabibilis ang pagtubo ng dating balat. Maaaring magbigay ng maraming bitamin hanggang sa gumaling mabuti ang hiwa.
- Maglakad araw-araw. Kung nakakapaglakad ang pasyente, makakabuti ito sa kanya na gawin ito araw-araw. Ang ehersisyo ay patataasin ang pagdaloy ng dugo papunta sa balat dala ang lahat ng nutrisyon na kailangan ng balat upang gumaling at alisin ang lahat ng labi na hindi na nito kailangan.



ttJ KR>\M[S

## KAILAN MAPAPALITAN ANG BUTO?

- Ang karaniwang panahon ay nasa pagitan ng 3 hanggang 6 na buwan matapos alisin ang buto. Ang mga pangunahing dahilan ng paghihintay nang napakahaba ay upang bawasan ang posibilidad ng impeksiyon at mga komplikasyon.
- Kapag inalis ang buto, naglalagay ng isang film ng gel sa ibabaw ng utak. Sa katagalan, ang film na ito ay magiging isang takip na magpoprotekta sa utak. Matagal bago ito mangyari. Kapag tapos na ang pangalawang operasyon upang palitan ang buto, ang takip na ito, na tinatawag na pseudodura, ay gumaganap bilang harang na nagpoprotekta sa utak mula sa pagkakairita.
- Kailangan walang impeksiyon ang pasyente. Kailangan gumaling mabuti ang balat nang walang anumang sugat sa paligid nito. Wala dapat anumang mga impeksiyon sa ihi o mga impeksiyon sa paghinga.

### **Kumain nang masustansiyang pagkain.**

## PAANO KAMI MAKAKAKUHA NG BUTO KUNG HINDI ITO MAPAPALITAN SA SAN FRANCISCO GENERAL HOSPITAL?

- Maaaring makipag-ugnayan sa California Tissue and Donor Network sa 1-800-928-4778
- Ibigay ang pangalan ng pasyente, numero ng medikal na talaan sa SFGH, at ang Pangalan ng Trauma, kung naaangkop